
4

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 5:
## "Pambansang Sagisag: Pilipinas ay Tanyag"



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q2_ AralingPanlipunan _ Modyul5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan-Modyul 5: “Pambansang Sagisag : Pilipinas ay Tanyag”**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Emma A. Jadie
**Editor:** Ma. Leilani R. Lorico, Mary Roselyn D. Berja
**Tagasuri:** Ana N. Calisura, Jerry P. Ramirez
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** Edsel D. Doctama, John Paul T. Dacillo
**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad : Regional Director
Francisco B. Bulalacao Jr. : CLMD Chief
Grace U. Rabelas : Regional EPS In-Charge of LRMS
Ma. Leilani R. Lorico : Regional ADM Coordinator
Marites B. Tongco : Division EPS In-Charge of LRMS

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City
Telefax: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 5:
## “Pambansang Sagisag:
## Pilipinas ay Tanyag”

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Sa modyul na ito ay malalaman mo ang iba pang mga sagisag na nagpapakilala sa ating pagka-Pilipino at kumakatawan sa ating bansa. Ang mga ito ay ang watawat at ang pambansang awit ng Pilipinas. Matutunan mo rin ang mga pangyayari na may kinalaman sa pagkabuo ng mga sagisag na ito ng ating bansa.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Nasusuri ang mga iba't ibang mga gawaing pangkabuhayan batay sa heograpiya at mga oportunidad at hamong kaakibat nito tungo sa likas kayang pag-unlad.

**Pamantayan sa Pagganap:**

Ang mag-aaral ay nakapagpapakita ng pagpapahalaga sa iba't ibang hanapbuhay at gawaing pangkabuhayan na nakatutulong sa pagkakakilanlang Pilipino at likas kayang pag-unlad ng bansa.

**Pamantayan sa Pagkatuto**:

Pagkatapos mong basahin ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Naipaliliwanag ang kahalagahan at kaugnayan ng mga sagisag at pagkakakilanlang Pilipino.
2. Natatalakay ang kahulugan ng pambansang awit at ng watawat bilang mga sagisag ng bansa.
3. Naibibigay ang mga paraan ng wastong paggalang sa pambansang sagisag ng Pilipinas.



Alam mo ba na isang alituntunin sa lahat ng pampublikong paaralan ang pagsali ng bawat mag-aaral sa pagtataas ng watawat o *flag ceremony* araw araw? Sumasali ka ba rito?

Ano ang nararamdaman mo tuwing inaawit mo ang Lupang Hinirang?

Ano ang kahalagahan at kaugnayan ng mga sagisag na ito sa pagkakakilanlang Pilipino?

Tara na! Sabayan mo akong alamin ang sagot sa mga tanong sa araling ito.

## *Subukin*

**Maramihang Pagpipili**

Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel. Gawin sa loob ng 10 minuto.

1. Ano ang pamagat ng pambansang awit ng Pilipinas?

    A. Lupang Hinirang
    B. Lupang Tinibuan
    C. Lupang Sinilangan
    D. Lupang Minamahal

2. Bakit mahalagang pagkakilanlan bilang Pilipino ang pambansang awit ng Pilipinas?

    A. Dahil isinasalaysay nito ang pakikipaglaban ng mga Pilipino para sa kalayaan ng Pilipinas
    B. Dahil isinasalaysay nito ang kabiguang naranasan sa kamay ng mga mananakop
    C. Dahil isinasalaysay nito ang pagmamahal ng ating mga ninuno sa ating bansa
    D. Dahil isinasalaysay nito ang ang pagsisikap ng mga Pilipino na maging maunlad na bansa

3. Sino ang gumawa ng himig ng pambansang awit ng Pilipinas?

   A. Juan Luna  C. Julian Felipe
   B. Jose Palma  D. Antonio Luna

4. Ang orihinal na pamagat ng ating pambansang awit ay ____.

   A. Filipinas
   B. Marcha Filipina Magdalo
   C. Marcha Nacional Filipina
   D. Marcha Filipina Magdiwang

5. Bakit makasaysayan para sa mga Pilipino ang petsang Hunyo 12, 1898? Ano ang makasaysayang kaganapan sa bansa maliban sa pagtaas ng bandila ng Pilipinas sa unang pagkakataon?

   A. pagpunit ng sedula
   B. pagtugtog ng Pambansang Awit
   C. pag-awit ng Pilipinas kong Mahal
   D. pagpupulong para sa himagsikan

6. Sino ang may akda ng liriko ng ating pambansang awit na hango pa sa isang tulang pinamagatang FILIPINAS

   A. Juan Luna  C. Julian Felipe
   B. Jose Palma  D. Antonio Luna

7. Bakit mahalaga ang bawat kulay sa watawat ng Pilipinas?Ano ang kahulugan ng kulay BUGHAW, PULA at PUTI sa ating watawat?

   A. kabutihan, kasipagan at kalinisan
   B. kadakilaan, kagalingan at kalinisan
   C. kaayusan, katahimikan at kalinisan
   D. kapayapaan, katapangan at kalinisan

8. Alin ang tatlong pangkat ng pulo ang kumakatawan sa tatlong bituin na makikita sa watawat ng Pilipinas?
   A. Luzon, Mindanao, at Visayas.
   B. Manila, Visayas at Mindanao
   C. Luzon, Palawan at Mindanao
   D. Luzon Visayas at Marinduque

9. Sino ang mga babaing nagtahi ng ating watawat?

   A. Teodora Alonzo, Maxima Bonifacio at Josefa L. Escoda
   B. Gregoria Montoya, Teresa Magbanua at Trinidad Tecson
   C. Melchora Aquino, Josephine Bracken at Gabriela Silang
   D. Marcela Agoncillo, Lorenza Agoncillo, at Delfina Herbosa Natividad

10. Bakit mahalaga ang walong sinag ng araw sa watawat ng Pilipinas? Ano ang sinasagisag nito?

   A. Ang walong lalawigan na unang nagtagumpay sa mga labanan
   B. Ang walong lalawigan na hindi napasailalaim ng Batas Militar
   C. Ang walong lalawigan na unang natalo sa panahon ng himagsikan
   D. Ang walong lalawigan na idineklara ni Ramon Blanko sa ilalim ng Batas Mlilitar.

# Aralin 1 — "Pambansang Sagisag: Pilipinas ay Tanyag"




***Balikan***



Kumusta ang iyong marka sa maikling pagsubok? Ngayon ay magpatuloy ka sa pamamagitan ng pagbabalik-aral ng iyong mga dati ng natutunan. Naalala mo pa ba ang kahulugan ng likas-kayang pag-unlad? Sige nga sikapin mong alalalahanin ang nilalaman ng organizer sa ibaba.

Isulat ang kahulugan at kahalagahan ng likas kayang pag-unlad o sustainable development. Ilagay ang iyong sagot sa sagutang papel. Gawin ito sa loob ng 5 minuto.






Tama ka kaibigan! Ang likas kayang pag-unlad o *sustainable development* ay ang pagtugon sa pangangailangan at mithiin ng mga tao nang may pagsaalang-alang sa kakayahan ng susunod na henerasyon na makamit din ang kanilang mga pangangailangan. Mahalaga ito dahil napapakinabangan ng sapat at tama ang mga likas na yaman nang walang panganib na maubos at para maabot pa ito ng mga susunod na henerasyon.

Ngayon ay handa ka na para tuklasin ang panibagong kaalaman sa modyul na ito. Magpatuloy ka sa pagtuklas ng susunod na bahagi.

## *Tuklasin*


**PICTURE PUZZLE.**

Buuin ang mga pira-pirasong larawan? Iguhit ang iyong mabubuong imahe sa sagutang papel. Ito ay isa sa mga sagisag ng ating bansa. Gawin sa loob ng 5 minuto.



Sagot ____________________

Ganito ba ang nabuo mong imahe? Magaling! Iyan ang ating watawat. Ano kaya ang kinalaman nito sa ating bagong aralin? Gawin ang susunod na gawain.



**HULAWIT**

Hulaan mo kung sa anong awit palagi naririnig o maririnig ang mga pariralang ito? Isulat ang pamagat ng awit. Gawin sa loob ng 2 minuto.

Perlas ng Silanganan

Alab ng puso

Sa dagat at bundok

Sa langit mong bughaw

Lupa ng araw

Ang mamatay ng dahil sayo

Sagot ____________________

**Lupang Hinirang**

Ito ba ang hula mo sa nabuo mong imahe? Mahusay! Iyan ang ating pambansang awit. Alam mo ba ang kinalaman nito sa ating bagong aralin? Magpatuloy ka para malaman mo ang mga kasagutan sa mga tanong.

## ***Suriin***




Halina't suriin mo ang mga impormasyon na magbibigay sayo ng sapat na kaalaman para mas lalo mong maipagmalaki at mahalin ang mga sagisag ng Pilipinas,

Mahalagang malaman mo ang mga sagisag ng Pilipinas dahil ang mga ito ay may kahalagahan at kaugnayan sa ating pagkakakilanlan bilang isang Pilipino at bilang isang mamamayan ng Pilipinas. Basahin at unawain mabuti ang mga konsepto sa bahaging ito ng modyul. Gawin ito sa loob ng 15 minuto.

Ang Lupang Hinirang ang pamagat ng pambansang awit ng Pilipinas. Ito ay isa sa mga sagisag ng ating bansa. May kahalagahan at kaugnayan ang Lupang Hinirang sa pagkakakilanlang Pilipino.

Isa pa sa mahalagang sagisag ng ating bansa ay ang watawat ng Pilipinas. Ang sagisag na ito ay kilala bilang simbolo ng pagkakaroon natin ng tunay na kalayaan at kasarinlan. Ang bawat bahagi at kulay ng watawat ay may makabuluhang kahulugan na may kaugnayan sa ating kasaysayan.

Nakilala ang Pilipinas dahil sa mga sagisag na ito gaya ng ipinapakita sa organizer.



| PAMBANSANG SAGISAG | KAHALAGAHAN AT KAUGNAYAN SA PAGKAKAKILANLANG PILIPINO |
|---|---|
| Watawat ng Pilipinas | Ito ang pinakamahalagang simbolo ng ating bansa. |
| | Sumasagisag ito sa pakikipaglaban ng mga Pilipino sa mga nananakop na dayuhan. |
| | Sumasagisag din ito ng kalayaan. |
| Lupang Hinirang | Tulad ng watawat ito ay simbolo ng kalayaan. |
| | Pinapaalab nito ang damdaming makabansa ng mga Pilipino. |
| | Isinasalaysay nito ang pakikipaglaban at pagtatanggol ng mga bayaning Pilipino sa ating bansa. |
| | Ipinapahayag nito kung gaano minamahal ng mga Pilipino ang bansang Pilipinas. |

Pag-aralan ang liriko ng pambansang awit ng Pilipinas at ang mga impormasyon patungkol dito upang maisapuso ang diwa at lubos itong mapahalagahan.

**LUPANG HINIRANG**
(Pambansang Awit ng Pilipinas)

## LUPANG HINIRANG

Bayang magiliw
Perlas ng silanganan
Alab ng puso
Sa dibdib mo'y buhay

Lupang Hinirang
Duyan ka nang magiting
Sa manlulupig
Di ka pasisiil

Sa dagat at bundok sa simoy
At sa langit mong bughaw
May dilag ang tula
At awit sa paglayang minamahal

Ang kislap ng watawat mo'y
Tagumpay na nagniningning
Ang bituin at araw nya
Kailanpama'y di magdidilim

Lupa ng araw na luwalhati't pagsinta
Buhay ay langit sa piling mo


Aming ligaya nang pag may mangaapi
Ang mamatay ng dahil sayo

# ANG PAMBANSANG AWIT NG PILIPINAS

| Petsa | Mahalagang Naganap | Lugar | Pilipino | Ginampanan |
|---|---|---|---|---|
| Hunyo 12, 1898 | Tinugtog ang himig ng pambansang awit ng Pilipinas | balkonahe ng mansiyon ni Aguinaldo sa Cavite | Julian Felipe | Ginawa ang himig ng pambansang awit ng Pilipinas |
| | Unang pamagat *Marcha Filipina Magdalo* Pinalitan ng *Marcha Nacional Filipina* | | | |
| 1899 | Ginawang opisyal na liriko ng pambansang awit ang tulang *Filipinas* | | Jose Palma | isang batang sundalo na sumulat ng tulang FILIPINAS |
| 1940 | Nagsimulang lumabas ang bersyong Tagalog ng pambansang awit | | | |
| 1948 | Inaprobahan ng Kagawaran ng Edukasyon ang "O Sintang Lupa" bilang pambansang awit sa Filipino | | | |
| 1954 | Nagawa ang bagong bersyon na pinamagatang "*Lupang Hinirang"* | | Gregorio Hernandez, Jr | Kalihim ng Edukasyon, bumuo ng komite para baguhin ang liriko ng pambansang awit |
| 1962 | Nagkaroon lamang ng kaunting pagbabago | | | |
| 1998 | Sa bisa ng isang batas sa mga Bagong Pambansang Sagisag ng Pilipinas, nakumpirma ang bersyong Filipino ang gamitin na pambansang awit. | | | |

Pag-aralan mo naman ang mga impormasyon tungkol sa watawat ng Pilipinas at ang mga detalye nito para lubos mong maunawaan ang kaugnayan at kahalagahan nito sa pagkakakilanlang Pilipino.




May tatlong bituin ang ating watawat. Ano ang kahulugan ng mga ito?

1 — Ang unang bituin ay para sa pulo ng **Luzon** na ang pangalan ay mula sa salitang "**lusong**" na ginagamit sa pagtanggal ng ipa at darak sa palay. Ito ay sumasagisag sa kasipagan ng mga Pilipino.

2 — Ang ikalawang bituin ay para sa pulo ng **Visayas** na ang pangalan ay mula sa salitang "**masaya."** Ito ay upang laging kabakasan ng saya ang mga kilos at kalooban ng mga Pilipino.

3 — Ang ikatlong bituin ay para sa **Mindanao** na ang pangalan ay mula sa "**danaw**" o lawa. Ito ay sumasagisag sa tungkulin ng mga Pilipino na pangalagaan at ingatan ang kalikasan gaya ng yamang-tubig ng Pilipinas.

Ang walong sinag naman ng araw ay kumakatawan sa walong lalawigan na idineklara ni Ramon Blanko sa ilalim ng Batas Militar



Sino ang mga kababaihang nagtahi ng ating bandila? Saan ito tinahi? Pagmasdan ang mga larawan?

Mga nagtahi ng watawat ng Pilipinas sa Hongkong



Marcela Agoncillo 1

An image of Marcela de Agoncillo (1860 - 1946). Wikipedia



Lorenza Agoncillo 2

Lorenza Agoncillo. Revolvy



Delfina Herbosa Natividad 3

Delfina Herbosa de Natividad. Wikipedia

Bilang karagdagang impormasyon, narito ang mga batas na nauukol sa paggamit ng watawat ng Pilipinas.


Philippine 8491 o ang Flag and Heraldic Code of the Philippines ang batas na nagbibigay sa atin ng alitutunin tungkol sa paggalang at pagrespeto sa bandila at pambansang awit.

Ginugunita ang Mayo 28 bilang National Flag Day dahil sa araw na ito naganap ang dalawang mahalagang pangyayari sa ating kasaysayan – ang matagumpay na Labanan sa Alapan, Imus at ang unang pagwawagayway ng pambansang watawat sa pook na ito sa pangunguna ni Emilio Aguinaldo. Ang labanan sa Alapan, Imus Cavite ang naging palatandaan ng ating matagumpay na pagpupunyaging maibagsak ang paghahari ng mga Kastilang mananakop.

Executive Order 179 – isang batas na nilagdaan ni Pangulong Fidel V. Ramos na hinihikayat na maglagay ng mga bandila sa lahat ng pampublikong tanggapan at lugar mula Mayo 28 simula ng National Flag Day hanggang Hunyo 12.

Ang mga sumusunod ay ang mga ipinagbabawal na paraan ng paggamit ng watawat ng Pilipinas:

- gamiting kurtina, mantel sa mesa, dekorasyon sa entablado, panakip sa dingding, sa estatuwa, at sa iba pang bagay;
- gawing banner o banderitas;
- gamitin bilang kasuotan, buo man o bahagi lamang;
- gamiting disenyo, tatak o *label*;
- sulatan o lagyan ng anumang marka; at
- ihampas o ipalo.



## *Pagyamanin*

**GAWAIN A – COUNT ME IN**

Pagsunud-sunurin ang mga liriko ng Lupang Hinirang ayon sa wastong ayos nito gamit ang bilang 1-4. Isulat ang sagot sa sagutang papel. Gawin sa loob ng 15 minuto.

1.
- Alab ng Puso
- Perlas ng Silanganan
- Sa dibdib mo'y buhay
- Bayang magiliw

2.
- Duyan ka ng magiting
- Di ka pasisiil
- Lupang Hinirang
- Sa manlulupig

3.
- Ang kislap ng watawat mo'y
- Ang bituin at araw niya
- Tagumpay na nagniningning
- Kailan pa ma'y di magdidilim

4.
- Kailan pa ma'y 'di magdidilim.
- Buhay ay langit sa piling mo
- Lupa ng araw, ng luwalhati't pagsinta
- Ang bituin at araw niya

5.

| |
|---|
| Sa manlulupig, |
| Di ka pasisiil. |
| Sa dagat at bundok, |
| Sa simoy at sa langit mong bughaw |

**GAWAIN B: Analohiya**.

Isulat ang kapareha ng salita batay sa naunang grupo ng salita. Piliin ang sagot sa loob ng kahon at isulat ang sagot sa sagutang papel. Gawin sa loob ng 7 minuto.

| | | |
|---|---|---|
| Emilio Aguinaldo | kagitingan | lusong |
| Julian Felipe | kaliwanagan ng isipan | |
| watawat | masaya | Luzon, Visayas at Mindanao |
| balkonahe ni Hen. Emilio Aguinaldo | 3 | |

1. bughaw : kapayapaan :: pula : ___________
2. Mindanao : danao :: Luzon : ___________
3. 8 sinag ng araw : 8 lalawigang naghimagsik :: 3 bituin : ___________
4. Disenyo : ___________ :: tumahi : Delfina Herbosa-Natividad, Marcela Agoncillo at Lorenza Agoncillo
5. ___________ : kulay :: 3 : bituin
6. ___________ : sagisag ng bansa :: Lupang Hinirang : pambansang awit
7. pagtahi : Hongkong :: pagwagayway : ___________
8. Jose Palma : sumulat ng titik :: ___________ : naglapat ng tugtog o musika
9. Luzon: kasipagan :: Visayas : ___________
10. sinag ng araw : naghimagsik :: araw sa gitna ng tatsulok : ______________

**GAWAIN C**: **CHECK ME**

Lagyan ng tsek (√) kung ang mga kaisipan ay nagpapahayag ng kahalagahan at kaugnayan ng watawat at pambansang awit sa pagkakakilanlang Pilipino. Gawin sa loob ng 5 minuto.

1. Ang mga sagisag na watawat at pambansang awit ay parehong sumisimbolo sa kalayaan ng Pilipinas.
2. Walang kaugnayan ang mga sagisag na watawat at pambansang awit ng Pilipinas sa pagkakakilanlang Pilipino.
3. Ang watawat ay ang pinakamahalagang sagisag ng ating bansa.
4. Ipinapahayag ng pambansang awit ng Pilipinas ang pagmamahal sa ating bayan.
5. Sa mga sagisag na ito ay nakikilala ang ating pagiging Pilipino.

**GAWAIN D: MAKE ME COMPLETE**

Punan ng mga nawawalang liriko ang pambansang awit ng Pilipinas. Gawin sa loob ng 7 minuto.

**Lupang Hinirang**

***Bayang magiliw***
***Perlas ng _______________,***
***Alab ng puso***
***Sa dibdib mo'y buhay.***

***Lupang hinirang,***
***Duyan ka ng ____________,***
***Sa manlulupig,***
***Di ka pasisiil.***

***Sa __________ at bundok,***
***Sa simoy at sa***
***langit mong bughaw,***

***May dilag ang tula***
***At awit sa paglayang _____________.***

***Ang kislap ng watawat mo'y***
***_____________ na nagniningning,***

***Ang bituin at araw niya***
***Kailan pa ma'y di _____________.***

***Lupa ng ________, ng luwalhati't pagsinta,***
***Buhay ay langit sa _________ mo;***

***Aming _________ , na 'pag may mang-aapi***
***Ang __________ nang dahil sa 'yo***

## *Isaisip*

**FILL ME**

Punan ng wastong mga salita ang bawat patlang. Gawin sa loob ng 5 minuto.

- Ang ____________ ____________at ______________ay mga sagisag ng ating bansa.
  ( 1 ) ( 2 )
- Ang mga ________________ sagisag ay dapat nating ipagmalaki.
  ( 3 )
- Nakikilala ang ating ________dahil sa kaniyang mga __________.
  (4) ( 5 )

Kumusta kaibigan? Nasagutan mo ba ng tama ang mga gawain? Sana ay naging makabuluhan sa iyo ang pagsagot sa iba't ibang gawain sa modyul na ito. Magpatuloy ka sa pagsagot sa susunod na bahagi.





## *Isagawa*

Sumulat ng tiglimang mga nararapat mong gawin sa mga sumusunod na kalagayan upang maipakita ang pagapapahalaga sa pambansang awit at watawat ng Pilipinas Isulat ang sagot sa sagutang papel. Gawin sa loob ng 10 minuto.

| KALAGAYAN | MGA NARARAPAT GAWIN |
|---|---|
| A. Habang kayo ay maingay at masayang naglalakad ng iyong mga kaibigan, nagpatugtog ng pambansang awit ang inyong paaralan. | 1. |
| | 2. |
| | 3. |
| | 4. |
| | 5. |
| B.Uwian na kayong magkakaklase subalit nakawagayway pa ang watawat na ginamit ng inyong paaralan sa *flag raising ceremony* | 1. |
| | 2. |
| | 3. |
| | 4. |
| | 5. |

## *Tayahin*

**Maramihang Pagpipili**

Piliin at isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot. Gawin sa loob ng 10 minuto.

1. Ano ang naging mahalagang kontribusyon ni Julian Felipe sa kasaysayan ng Pilipinas?
    A. sumulat ng Noli Me Tangere
    B. nagtahi ng watawat ng ating bansa
    C. may-akda ng himig ng pambansang awit ng Pilipinas
    D. tumugtog ng Lupang Hinirang noong Hunyo 12, 1898

2. Ano ang kahalagahan ng tulang FILIPINAS sa pagbuo ng pambansang awit ng Pilipinas?
    A. maganda ang nilalaman ng tulang ito
    B. makasaysayan ang nilalaman ng buong tula
    C. kapangalan kasi ito ng ating bansang Pilipinas
    D. hango dito ang opisyal na liriko ng Lupang Hinirang

3. Bakit itinuturing na mahalagang araw sa kasaysayan ng Pilipinas ang Hunyo 12, 1898?
    A. kamatayan ito ni Dr. Jose Rizal
    B. pinatay sa araw na ito ang tatlong paring martir
    C. araw ito ng pagsilang kay Andres Bonifacio
    D. pinatugtog sa unang pagkakataon ang pambansang awit ng Pilipinas

4. Alin sa mga sumusunod ang maituturing na isa sa kahalagahan ng watawat ng Pilipinas?
   A. sumisimbolo ito ng kaunlaran ng bansang Pilipinas
   B. sumasagisag ito sa pakikipaglaban ng mga Pilipino sa mga mananakop na dayuhan
   C. hudyat ito ng pakikipagkasunduan sa mga dayuhang nanakop sa bansa.
   D. sumasagisag ito ng magandang pakikipagkaibigan ng mga Pilipino sa mga mananakop

5. Bakit ang tulang Filipinas ang ginawang opisyal na liriko ng ating pambansang awit?
   A. nasambit sa tula ang mga paraan ng pakikipaglaban ng mga Pilipino.
   B. naipahayag sa tulang FILIPINAS ang kasaysayan ng mga naging bayaning Pilipino.
   C. nakasaad sa tula ang kagalakan, pagmamahal sa bayan, at pagmamalaki sa bansang sinilangan.
   D. napapaloob sa tula ang pagmamalupit na naranasan ng mga Pilipino sa kamay ng mga dayuhan

6. Ano ang mahahalagang dulot ng pagkakaroon ng pambansang awit?
   I. Tulad ng watawat ito ay simbolo ng kalayaan
   II. Pinapaalab nito ang damdamaming makabansa ng mga Pilipino
   III. Isinasalaysay nito ang pakikipaglaban at pagtatanggol ng mga bayaning Pilipino sa ating bansa
   IV. Ipinapahayag nito kung gaano minahal ng mga Pilipino ang bansang Pilipinas

   A. I at II B. I, II at III C. I, II at IV D. I, II, III, at IV

7. Alin sa mga sumusunod na lugar ang kinakatawan ng tatlong bituin na makikita sa watawat ng Pilipinas?
   A. Luzon, Visayas, at Mindanao
   B. Manila, Visayas at Mindanao
   C. Luzon, Palawan at Mindanao
   D. Luzon Visayas at Marinduque

8. Bakit mahalaga sa kasaysayan ng Pilipinas ang mga babaeng sina Marcela Agoncillo, Lorenza Agoncillo, at Delfina Herbosa Natividad?
   A. nagtahi sila ng watawat ng Pilipinas
   B. taga-ingat sila ng watawat ng Pilipinas
   C. nagdisenyo sila ng watawat ng Pilipinas
   D. tagatago sila ng watawat ng Pilipinas

9. Bakit may walong sinag ng araw sa ating watawat?
   A. sinisimbolo nito ang walong lalawigan na idineklara ni Ramon Blanko sa ilalim ng Batas Mlilitar.
   B. sinisimbolo nito ang walong lalawigan na unang nagtagumpay sa mga labanan
   C. sinisimbolo nito ang walong lalawigan na unang natalo sa panahon ng himagsikan
   D. sinisimbolo nito ang walong lalawigan na hindi napasailalaim ng Batas Militar

10. Ano ang nararapat mong gawin sa ganitong kalagayan? Narinig mo na pinapatugtog ang Lupang Hinirang at nakita mo na itinataas ang watawat habang ikaw ay naglalakad sa labas ng inyong paaralan.
    A. Huminto, tumayo nang matuwid, ilagay ang kanang kamay sa dibdib at sumabay sa pag-aawit ng Lupang Hinirang.
    B. Huminto, tumayo nang matuwid at tumingin lamang sa mga tao sa paaralan.
    C. Dahan-dahang maglakad para hindi makalikha ng ingay na ikagagambala ng mga umaawit ng Lupang Hinirang.
    D. Tumayo lamang ng tuwid at kunan ng litrato ang mga taong umaawit ng Lupang Hinirang.

Kumusta ang iyong marka? Sana ay nagustuhan mo ang lahat ng mga gawain na nakapaloob sa modyul na ito. Ngayon ay may mga karagadagang gawain kang dapat gawin sa mga oras na libre ka.



## ***Karagdagang Gawain***

Isulat nang wasto ang **Panatang Makabayan** at **Panunumpa ng Katapatan sa Watawat ng Pilipinas**.



Binabati kita dahil matagumpay mong natapos ang mga gawain sa modyul na ito. Abangan ang mga susunod pang aralin.

# Susi sa Pagwawasto

**SUBUKIN**

1. A
2. A
3. C
4. B
5. B
6. B
7. D
8. A
9. D
10. D

**BALIKAN**

Ang likas kayang pag-unlad o *sustainable development* ay ang pagtugon sa pangangailangan at mithiin ng mga tao nang may pagsaalangalang sa kakayahan ng susunod na henerasyon na makamit din ang kanilang mga pangangailangan

**TUKLASIN**

1. Watawat
2. Lupang Hinirang

**ISAISIP**

1. pambansang awit
2. watawat
3. pambansang
4. bayan/bansa
5. sagisag

**PAYAMANIN:GAWAIN A**

1) 3, 2, 4, 1

2) 2, 4, 1, 3

3) 1, 3, 2, 4

4) 2, 4, 3, 1

5) 1, 2, 3, 4

**PAYAMANIN:GAWAIN B**

Analohiya

1. kagitingan
2. lusong
3. Luzon, Visayas at Mindanao
4. Emilio Aguinaldo
5. 3
6. watawat
7. balkonahe ni Hen. Emilio Aguinaldo
8. Julian Felipe
9. masaya
10. kaliwanagan ng isipan

**PAYAMANIN:GAWAIN C**

1. √
2. X
3. √
4. √
5. √

**PAYAMANIN:GAWAIN D**

1. silanganan
2. magiting
3. dagat
4. minamahal
5. tagumpay
6. magdidilim
7. araw
8. piling
9. ligaya
10. mamatay

**ISAGAWA A.**

1. Huminto sa pagalalakad
2. Sumabay sa pag-awit
3. Ilagay ang kanang kamay sa dibdib
4. Awitin nang madamdamin ang Lupang Hinirang
5. Huwag mag-ingay

**ISAGAWA A.**

1. Maingat na ibaba ang watawat
2. Tiklupin nang maayos ang watawat
3. Ingatan na huwag sumayad sa lupa ang watawat
4. Huwag paglaruan ang watawat
5. Itago sa opisina ng prinsipal ang watawat

Accept possible answers

**TAYAHIN**

| | |
|---|---|
| 1. C | 8. A |
| 2. D | 9. A |
| 3. D | 10. A |
| 4. B | |
| 5. C | |
| 6. D | |
| 7. A | |

## *Sanggunian*


Jackeline. Unknown author. An image of Marcela de Agoncillo (1860 - 1946). https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Marcela_de_Agoncillo.png

Minute Beger. Cropped from a group photo where Teodora Alonzo, with her daughters and granddaughters, a few days after the burial of Francisco Mercado. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Delfina_Herbosa_de_Natividad.jpg. 2 August 2019

Picture of Lorenza Agoncillo. https://www.revolvy.com/page/Lorenza-Agoncillo

Republic Act No. 8491. Official Gazette. https://www.officialgazette.gov.ph/1998/02/12/republic-act-no-8491/?fbclid=IwAR22x_Cz-vmZmhTxOcN3F3_BpOnT0-1D6ordveMo10MR5FrB8PkqGhV598o

Execitive Order No. 179. s. 1994. https://www.officialgazette.gov.ph/1994/05/24/executive-order-no-179-s-1994/?fbclid=IwAR086ezNBSQCmwRrRBEJHAuS6WZOsOmSbgGjsjEPFyjjNX-IV_7IGhAbdgI

Adriano et.al., *Araling Panlipunan 4 Kagamitan ng Mag-aaral*, Pilipinas: Vibal Group Inc. 2015 pp. 215-221

Adriano et.al., *Araling Panlipunan 4 Gabay ng Guro*, Pilipinas: Vibal Group Inc. 2015 pp. 98-101

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph